70th Carlos Palanca Memorial Awards for Literature

# Si VeRaptor1 Laban kay Trolakuz

Filipino Division – Maikling Kuwentong Pambata

## Si VeRaptor1 Laban kay Trolakuz

<u>Sinopsis:</u>

Sikat si **Vera**, at ang kaniyang playername na *VeRaptor1*, sa eskuwela dahil sa kaniyang husay sa paglalaro ng video o mobile games. Dahil sa pagkaubos ng oras sa pagsasanay at paglalaro, hindi na niya nabibigyan ng oras ang kanilang mga gawain sa eskuwela. Ang pinakamadaling paraan upang mabilisan niyang matapos ang kaniyang mga homework ay ang mabilisan niyang paghahanap ng mga sagot sa internet.

Dahil sa hindi maingat na paggamit ni Vera sa internet, mali-mali o kung ano-anong impormasyon ang nakukuha niya. Ito ang madalas na reklamo ng mga guro sa kaniyang **Kuya Dexter**.

Isang araw, matapos sitahin si Vera ng kaniyang kuya, biglang nagbago ang kaniyang paligid at napunta siya sa loob ng isang mobile game – ang *GenAlpha Truth Defenders*. Dito niya nakaharap ang halimaw na si **Trolakuz**, na may kakayahang magparami, gawing sandata ang dila, at umawit ng kasinungalingan.

Matutuklasan ni Vera na si Trolakuz ay ang halimaw na nalikha niya dahil sa hindi maingat na paggamit ng internet. Dahil dito, siya lang ang may kakayahang tumalo rito.

**Ang kuwentong ito ay para sa mga mag-aaral sa middle grade o mga batang nasa edad 9-12, at sa mga magulang, guro, at tagapangalaga ng mga bata.*

**Si VeRaptor1 Laban kay Trolakuz**

Maikling Kuwentong Pambata

*Victory!*

*Win streak na naman!*

*Idol talaga ‘tong si VeRaptor1!*

Bibihirang makaranas ng pagkatalo si Vera sa mga nilalaro niyang *video* o *mobile games*. Sikat na sikat siya at ang kaniyang playername na *‘VeRaptor1’* sa eskuwela dahil sa palagi at sunod-sunod na pagkapanalo. Dahil dito, halos lahat ng kaniyang mga kaklase ay gustong maging katulad niya.

Mula umaga hanggang madaling-araw ay halos ubusin na ni Vera ang oras sa pagsasanay sa mga laro. Inaaral niya kahit anong klase ng laro; mapa-*shooter*, *role-playing*, *simulation*, *multiplayer online battle arena,* at iba pa. Matiyaga niyang binubusisi ang lahat ng teknik at *level* ng lahat ng mga laro.

Nang dahil sa pagkaubos ng oras sa paglalaro, nabawasan na ang oras niya sa pag-aaral. Mas madalas pa niyang hawak ang kaniyang *mobile phone* o kompyuter kaysa sa mga libro.

Mas mabilis siyang nakapagle-*level up* ng laro kaysa sa pagrerebyu. Mas inaatupag niya ang mag-*upgrade* ng *items* sa laro kaysa sa kaniyang mga *project*. Mas

pinaghahandaan niya ang mga *quest* ng laro kaysa sa kaniyang mga *quiz*. Ang mahalaga sa kaniya ay ang mapabilib ang mga kaklase't kaibigan sa kakaibang husay niya sa paglalaro.

"Madali lang 'yang *homework*, may *internet* naman," madalas na palusot ni Vera. Kahit anong makita niya sa internet ay mabilis niyang pinaniniwalaan. Kahit anong mahanap niyang sagot sa internet ay basta-basta lang niyang kinokopya. Pagkatapos ng madaliang pagri-*research* ng mga kailangan sa aralin ay magmamadali na rin siyang babalik muli sa paglalaro.

Nang dahil dito, madalas na mali-mali ang naisasagot niya sa kaniyang mga *homework*. Madalas tuloy nakatatanggap ng reklamo mula sa mga guro ang kaniyang Kuya Dexter, gaya ng:

"Sinulat po niya sa eksam na hindi raw totoo ang mga ibon. Napanood daw po niya sa *website* na 'YeahTube'."

"Naku, sir, naging pangulo raw ng bansa si *Captain Barbell*."

"Kalahati raw ng tao sa mundo ay *alien*! Maryosep!"

"Vera, tinawagan ako ng titser mo," sita ng kaniyang Kuya Dexter na may dalang ilang libro.

"Bakit na naman?" pabalang na sagot ni Vera habang abalang-abala sa paglalaro ng isang *action-adventure game*.

"Kung ano-ano raw ang nakalagay sa *homework* na ipinasa mo sa *history subject*."

“E, ‘yan ang nakita ko sa *internet*, e.

“Hindi lahat ng makikita mo sa *internet* ay puwede na. Kailangan mo ring siguruhin kung tama, o dapat nagtanong ka sa akin.”

*‘Game Over!’*, malakas na alingawngaw mula sa *mobile phone* ni Vera. “Oo na! Natalo tuloy ako! *Bad trip!*”

“Ayusin mo ‘yang *homework* mo. Dapat alam mo kung ano ang tama at mali, kung ano ang totoo at hindi,” paalala ng kaniyang Kuya Dexter na nasundan ng pag-iling. Iniwan na lang nito ang dalang libro sa mesa at lumabas ng kuwarto.

”E ‘di kayo na’ng magaling!” Gigil na bulong ni Vera sa kaniyang sarili. Sa paglalaro niya ibinuhos ang inis sa kaniyang kuya.

Mayamaya’y nag-*blackout* ang *screen* ng kaniyang *mobile phone*. Ilang saglit pa’y nag-init ito. Nabitawan ito ni Vera at gumapang ang kadiliman mula rito hanggang sa kaniyang kuwarto. Napansin niyang nagbago rin ang kaniyang kasuotan, kagaya ng karakter sa kaniyang mga nilalaro.

Sa sobrang takot ay napatakbo siya sa pintuan. Paglabas niya ng pinto ay nakarating siya sa ibang lugar. Puno ang paligid ng *screen* kagaya ng sa *mobile phone* at kompyuter. Nakita niya sa mga ito ang mga *website* na kaniyang madalas puntahan. Naisipan niyang bumalik ng kuwarto ngunit nawala na ang pintuan.

Habang pilit na iniintindi pa rin ni Vera ang mga pangyayari, lumitaw sa harapan niya ang isang matanda na may pamilyar na mukha. “Maligayang pagdating sa *Boss Level 2: Digital Shadowland Arena*,” wika nito.

“Kuya? Kuya Dexter! Nasaan tayo?” tanong ni Vera.

“Hindi ako ang iyong kuya, VeRaptor1. Ako ang iyong gabay rito sa larong *‘GenAlpha Truth Defenders’*,” paliwanag ng matanda.

“Gen Alpha? Ano? Hindi ko maintindihan,” litong-lito na si Vera.

Natigil ang usapan nila nang dumagundong ang paligid, umihip ang malakas na hangin, at bumalot ang makapal na hamog. Mayamaya’y lumitaw ang isang nilalang.

“’Yan si Trolakuz, ang mapanlinlang na halimaw. May kakayahan siyang paramihin ang kaniyang sarili, gawing sandata ang kaniyang dila, at umawit ng kasinungalingan. Kailangan mo siyang mapuksa bago pa mahuli ang lahat,” paliwanag ng matanda.

“Pero…paano?” tanong ni Vera.

“Nakalilikha tayo ng mga halimaw kaya tayo rin mismo ang may kakayahang tumapos dito. Kailangan mong marating ang kabilang dulo. Naroon ang iyong mga armas.”

“Tapos… ano ang susunod kong gagawin?” natatarantang tanong ni Vera

“Hanggang dito na lang, VeRaptor1. Pagkatandaan mo: *‘Sa mundong susubukan kang bulagin at linlangin, buksan ang katotohanang kailangang harapin’.”* Tuluyang nawala ang matandang pantas.

*Ready, VeRaptor1? Fight!*

Umalingawngaw ang malakas na sigaw ng halimaw. Mayamaya'y napansin ni Vera na pasugod na sa kaniya si Trolakuz. Mabilis na nailagan ni Vera ang unang atake. Matulin niyang tinakbo ang salaming daan patungo sa kabilang dulo. Nakita niya rito ang mga armas na sinasabi ng matanda: espada, tirador, at libro.

Ginamit ni Vera ang tirador. Nang tamaan si Trolakuz ay mas nagalit ito at dumami pa. Naging mahirap para sa kaniyang asintahin ang totoong halimaw.

Sunod naman niyang ginamit ang espada laban sa dumaming Trolakuz. Sunod-sunod na inilabas ng mga ito ang kanilang matatalim na dila. Sa bilis at lakas ng puwersa ng mga ito'y nabali ang kaniyang espada.

Nagsimula nang panawan ng pag-asa si Vera. Ganito ang pakiramdam niya sa tuwing nagbabadya ang pagkatalo. Nagtago muna siya sa isang sulok. Pilit siyang nag-isip ng paraan gaya ng palagi niyang ginagawa sa tuwing naglalaro, hanggang maalala niya ang sinabi ng matanda: *'Sa mundong susubukan kang bulagin at linlangin, buksan ang katotohanang kailangang harapin.'*

"'Yon ang clue!" Naalala ni Vera ang natitirang armas – ang libro. Agad niya itong kinuha. Nang buksan niya ito'y kusang nabuklat ang mga pahina. Nakita niya ang kaniyang sarili sa nakaraan. Lumilitaw ang maliit pa noong si Trolakuz sa tuwing

gumagawa siya ng *homework*. Napansin ni Vera na tila lumalakas at lumalaki si Trolakuz sa tuwing gumagamit siya ng internet nang walang ingat.

"Paano mong matatalo ang halimaw na ikaw mismo ang nagpalakas?" Buong-yabang na sigaw ni Trolakuz. Sinimulan pa nitong payanigin ang paligid sa pamamagitan ng kaniyang pag-awit.

Dito lubos na naunawaan ni Vera ang kailangang gawin. Tinakpan niya ang kaniyang mga tainga upang hindi marinig ang boses ni Trolakuz. "Huwag mong kalilimutan, ako si VeRaptor1!".

Kumawala mula sa libro ang malakas na liwanag. Nalusaw ang mga huwad na Trolakuz. Napilas ang mga pahina ng libro at bumalot ito sa kaniyang katawan hanggang maging baluti at kalasag. Nagpalitan ng pag-atake ang dalawa hanggang pareho silang napagod.

"Sa mundong susubukan tayong bulagin at linlangin, bubuksan ko ang katotohanang kailangang harapin!" Ibinuhos ni Vera ang kaniyang natitirang lakas. Lumabas mula sa kaniyang mga mata ang liwanag na tuluyang nagpatumba at nagpalaho kay Trolakuz.

Ilang saglit pa'y lumitaw muli ang pintuan ng kaniyang kuwarto. Agad siyang tumakbo patungo rito. Nang mapasok ang kuwarto'y siniguro niyang nasa totoong mundo na siya. Matapos makahinga nang maluwag, napansin niya ang isang librong

nakapatong sa mesa na hawig sa hawak niya kanina. Naghalo ang pagtataka at pagkamangha. Nagtatatalon siya sa saya na parang nagwagi sa isang *championship round*!

*Perfect na naman!*
*Good job, master!*
*Idol talaga 'tong si Vera!*

Bibihira pa ring matalo si Vera sa mga nilalaro niyang *video* o *mobile games*. Pero sumikat na rin siya sa pagkakaroon ng mataas na grado sa *homework* at *quiz*. Dahil dito, lahat ng kaniyang mga kaklase ay mas gustong maging katulad niya. Sa wakas, natutuhan din niyang balansehin ang pag-aaral at paglalaro.

Kailanma'y hindi ipinagsabi ni Vera ang pagtutuos nila ni Trolakuz, kahit kanino. Hindi rin niya malilimutan ang paalala sa kaniya ng matanda. Ganoon pa man, magmula noo'y lahat ng kaniyang nababasa at naririnig ay inaalam niya kung ito ba ay totoo o hindi, kung tama o mali. Hindi siya makapapayag na muling lumitaw at lumakas si Trolakuz.

"Masyado ka yatang abala sa ginagawa mo, ha," pangungulit ni Kuya Dexter kay Vera.

"Kuya, huwag ka ngang magulo. Tinatapos ko po itong *homework* ko," seryoso si Vera.

“Pagkatapos mo d’yan, tuturuan kita ng bagong larong nadiskubre ko.”

“Anong laro naman ‘yan, kuya?”

“*’GenAlpha Truth Defenders’*. Astig ito! Game?”

Napanganga si Vera sa narinig. Saglit siyang napaisip. Sa ilang sandali pa’y napangiti siya sabay sabing, ”Sigurado ako, wala ‘yan kay VeRaptor1! Game!”

***WAKAS***